



# Ang mga Napapanatiling na Panuntunan para sa mga Kasambahay



## Introduksiyon

Pinangangasiwaan ng Ministry of Energy and Infrastructure ang National Energy at Water Demand Side Management Program, kasama ang mga kaugnay na pederal at lokal na awtoridad. Tinutupad ito ng mga pambansang team na sinusubaybaayan ang mga programa sa pamamahala sa demand ng enerhiya at tubig. Layunin ng komite na pataasin ang kamalayan at baguhin ang gawain ng iba't ibang bahagi ng komunidad pagdating sa konserbasyon ng paggamit ng enerhiya at tubig, kasama ang mga kasambahay. Bilang resulta, inihanda ang isang panuntunan upang gamitin ng mga center ng pag-recruit at pagsasanay para sa mga kasambahay at may-ari ng bahay, na gusto silang turuan sa mga pang-araw-araw na gawain at aksyong nakatutulong sa pagpapanatili ng mga likas na yaman at nakabubuti sa kita ng tahanan.

## Layunin

Tumutulong ang pagsanay sa mga kasambahay na itaguyod ang mga gawaing para sa pagtitipid ng enerhiya at tubig sa mga gawaing bahay at trabaho upang mabawasan ang konsumo ng enerhiya at tubig, habang pinapanatili ang kita ng tahanan sa pagpapababa ng buwanang bayarin sa utility. Nakakatulong ito sa pangangalaga ng likas na yaman ng bansa at bawasan ang emission ng greenhouse gas na pangunahing sanhi ng mga epekto ng pagbabago ng klima. Sinusuportahan din nito ang mga layunin ng National Demand Side Management program for Energy and Water, at ang National Conservation Campaign "Save to Sustain", na naglalayong gawing paraan ng pamumuhay ang mga Napapanatiling na gawain.



## Mga Siyentipikong Termino

|                      |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                 |
|----------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Pagpapanatili        | Ang kakayahang matugunan ang pangangailangan ng kasalukuyan nang hindi isinasakripisyo ang kakayahan ng mga susunod na henerasyon na makamit ang kanilang sariling pangangailangan, sa pamamagitan ng balanseng pangkapaligiran, pang-ekonomiya, at panlipunan na nagpapanatili sa mga likas na yaman at tinitiyak ang kapakanan ng tao sa paglipas ng panahon. |
| Nababago na enerhiya | Enerhiyang nakukuha mula sa natural, napapanatiling pinagkukunan tulad ng araw, hangin, tubig, at biomass, na patuloy na napapalitan at hindi nauubos sa paggamit. Nailalarawan ito na may mas mababang emission ng carbon at may mas kaunting epekto sa kalikasan kumpara sa mga fossil fuel.                                                                  |
| Malinis na enerhiya  | Enerhiyang nakukuha nang walang inilalabas na polusyon o mapanganib na carbon emission, kasama ang mga pinagkukunan gaya ng solar energy, wind energy, at hydroelectric power. Ginagamit ito para bawasan ang mga negatibong epekto sa kalikasan at makamit ang sustainability.                                                                                 |
| Mga Solar panel      | Mga device na direktang ginagawang kuryente ang sikat ng araw gamit ang mga photovoltaic cell ayon sa photovoltaic effect. Ginagamit ang mga ito bilang pinagkukunan ng nababagong enerhiya upang makalikha ng kuryente sa malinis at napapanatiling na paraan.                                                                                                 |
| Mga Water sprinkler  | Mano-mano o awtomatikong sistema ng irigasyon na nakakatulong sa pagbawas sa konsumo ng tubig para sa irigasyon.                                                                                                                                                                                                                                                |
| Ang eco-wash mode    | Isang paraan ng paghugas sa mababang temperatura, na tumutulong sa pagbabawas sa konsumo ng kuryente.                                                                                                                                                                                                                                                           |
| Filter               | Isang mahalagang bahagi ng air conditioning system na nililinis ang hangin na pumapasok sa isang yunit mula sa mga dumi at polusyon gaya ng alikabok, lupa, pollen, at mga allergen.                                                                                                                                                                            |
| Mulch                | Isang layer ng mga nalagas na dahon o ibang organic na bagay na nilalagay sa ibabaw ng lupa para bawasan ang pagkatuyo ng tubig sa irigasyon.                                                                                                                                                                                                                   |

## Mga Katotohanan

Dahil sa heograpikal na lokasyon ng United Arab Emirates, nailalarawan ang klima ng bansa ng ilang katangian na maaaring direkta o hindi direktang magdulot ng pagtaas sa pagkonsumo ng kuryente at tubig kung hindi gagawin ang mga wastong kasanayan at gawain.

Kasama sa mga katangiang ito ang:



Matataas ng temperatura



Matataas na antas ng halumigmig



Alikabok at buhangin



Kakapusan sa tubig



Mahinang pag-ulan



Tinatayang ang mga pinakamataas na oras ng pangangailangan sa kuryente at tubig sa UAE ay mula 2 PM hanggang 6 PM.



Ang pagpapalamig ay mayroong 70% ng kabuuang konsumo ng kuryente sa tahanan, habang 10-20% naman ang ilaw ng kabuuang konsumo ng kuryente.



Ang UAE ay patungo sa mas malawak na paggamit ng malinis at nababagong pinagmumulan ng enerhiya tulad ng solar at hangin upang mapunan ang kakulangan sa mga likas na yaman.



Kung hindi lilinis ang mga solar panel, mawawalan ang mga ito ng halos 70% ng kanilang kahusayan dulot ng pagkaipon ng alikabok at dumi.




# Impormasyong Pang-edukasyon




## Mga Gawaing Makatwiran sa Paggamit ng Kuryente

### Pamamahala sa Pagpapalamig at Pagpapainit



Limitahan ang cooling o heating para sa mga inookupahang kuwarto lang, at i-set ang temperatura sa pagitan ng 23-24°C.



Regular na linisan ang filter ng hangin ng mga air conditioning unit upang mapabuti ang kahusayan at daloy ng hangin.



Siguraduhing nakasarang maigi ang mga pinto at bintana sa panahon ng mga buwan ng tag-init upang mapabuti ang kahusayan ng air conditioning at maiwasan ang paglabas ng malamig na hangin at patayin ang mga air conditioner sa panahon ng taglamig para samantalahin ang malamig panahon.

## Liwanag




Gamitin ang natural na liwanag hangga't maaari at patayin ang mga ilaw sa mga hindi ginagamit na kuwarto.




Panatilihing malinis ang mga ilaw mula sa alikabok upang mapabuti ang kahusayan ng ilaw.

## Paggamit ng mga De-kuryenteng Appliance




Gumamit ng mga heavy appliance gaya ng mga vacuum cleaner at washing machine sa labas ng mga oras ng kasagsagan ng paggamit ng kuryente, at iwasang paganahin ang mga appliance nang sabay-sabay, lalo na sa loob ng mga oras ng kasagsagan ng paggamit ng kuryente.




Patayin ang mga exhaust fan kapag hindi kinakailangan:

- Sa kusina pagkatapos magluto.
- Sa banyo pagkatapos maligo.



Patayin ang lahat ng ilaw at hindi ginagamit na appliance kapag umaalis sa isang lugar o sa mga hindi ginagamit na lugar.



Pagkatapos gamitin, patayin ang mga appliance mula sa main switch at iwasang mag-charge ng mga device habang natutulog.




Patuyuin ang mga damit sa labas kaysa mag-aksaya ng enerhiya sa paggamit ng dryer.



Kung gumagamit ng dryer, panatilihing malinis ang dryer upang mapabuti ang kahusayan ng appliance at mabawasan ang konsumo ng enerhiya.

## Kusina



Siguraduhing nakasarang maigi ang pinto ng refrigerator, iwasan ang pagkaipon ng yelo sa freezer, at mag-iwan ng sapat na espasyo para sa bentilasyon sa likod ng refrigerator.



Iwasang i-overload ang refrigerator o punuin ito nang basta-basta, dahil maaari nitong bawasan ang kahusayan nito at lifespan. Regular na suriin ang kondisyon ng rubber sealing ring sa pinto ng refrigerator.



Subukang itugma ang laki ng kaldero sa stove burner para magamit nang buo ang inilalabas na init nang walang nasasayang.




Gumamit ng mga mahigpit na takip sa mga kaldero para bawasan ang oras ng pagluluto at makatipid ng enerhiya.



Mas mainam na magpakulo ng tubig sa takure kaysa sa kaldero dahil masmabilis ito at matipid sa at enerhiya.


## Water Heater

Patayin ang water heater kung hindi ginagamit at buksan ito sa angkop na oras bago maligo.




## Mga Solar panel

Kung mayroon sa tahanan, siguraduhing linisin tuwing buwan mula sa alikabok at dumi gamit ng mga microfiber na towel.



# Pagtitipid sa Tubig

## Gripo ng Tubig




Gumamit ng mga water flow control system para bawasan ang konsumo nang hindi naaapektuhan ang performance.




Huwag hayaang tuloy-tuloy na umaagos ang tubig mula sa gripo habang naghuhugas ng pinggan nang manu-mano.

## Oras ng Pagligo



Bawasan ang oras ng pagligo; maaari kang mag-install ng timer para sukatin ang oras o gumamit ng mga showerhead na nakakatipid ng tubig para bawasan ang konsumo ng tubig.

## Low-Flow Button ng Toilet



Kung hindi available ang low-flow button ng toilet, maaaring mag-install ng mga device na nakakatipid ng tubig sa mga lumang toilet para bawasan ang konsumo ng tubig.

## Paglinis ng Sahig



Kapag naglilinis at naghuhugas ng lapag ng bahay o patio sa labas, nirerekomendang gumamit ng panglinis na brush na may timba ng tubig.

## Washing Machine



Paganahin lang ang washing machine kung puna na ito ayon sa kapasidad, dahil tumutulong itong mabawasan ang bilang ng pag-ikot ng washing, nang sa gayon, mabawasan ang konsumo ng tubig at enerhiya at pinapabuti ang kahusayan sa pagpapatakbo ng appliance.



Siguraduhing piliin ang eco-wash na mode kung mayroon, para bawasan ang konsumo ng tubig at enerhiya.



Kapag bumibili ng sabong panlaba, siguraduhing bumili ng uri na natutunaw sa malamig na tubig.



Regular na linisin ang washing machine para alisin ang amag at naiwang sabon, na tutulong panatilihin ang kahusayan machine.

## Dishwasher



Gamitin ang dishwasher imbes na hugasan ang mga pinggan gamit ang kamay.



Gamitin lang ang dishwasher kung ito ay puno upang masiguro ang kahusayan nito at bawasan ang konsumo ng tubig.



Siguraduhing piliin ang eco-wash na mode kung available, para bawasan ang konsumo ng tubig at enerhiya.



Puwede mong ibabad ang mga hugasin at punasan muna ang mga ito, saka buksan lamang ang gripo para banlawan ang sabon.




## Paglilinis ng mga Gulay at Prutas

Hugasan ang mga gulay at prutas sa isang mangkok ng tubig at gamitin ang mga natirang tubig para diligan ang mga halaman, siguruhing iwasang gamitin ang tubig na may mga kemikal at sabon.

## Modernong Pamamaraan ng Irigasyon

Gumamit ng modernong pamamaraan gaya ng mga drip irrigation system o water sprinkler para bawasan ang pagkasayang ng tubig sa pag-iirigasyon.



## Pagdidilig ng mga Halaman




Diligan nang maaga ang mga halaman o pagkatapos lumubog ng araw upang bawasan ang pagkatuyo dulot ng matinding sikat ng araw.



Gumamit ng mulch o nahulog na mga dahon sa paligid ng mga halaman upang mapanatili ang moisture ng lupa at bawasan ang evaporation ng irigasyon ng tubig.

## Takpan ang mga Swimming Pool upang Mabawasan ang Pagkatuyo

Gumamit ng mga nakakatipid sa enerhiya na pantakip para mapanatili ang temperatura ng tubig, na tumutulong sa pagtipid ng enerhiya at tubig.



## Paglilinis ng Kotse

Siguraduhing linisan ang kotse gamit ng timba ng tubig at isang sponge at iwasan ang paggamit ng hose.




## Mga alagang hayop

Maaari mong paliguan ang iyong mga alagang hayop sa bakuran sa mga lugar na kailangan ng irigasyon, sa halip na paliguan sila sa bathtub.



## Pag-rereport ng mga Sira



Siguraduhing regular na suriin ang mga gripo, balbula, at hose ng tubig para sa anumang mga tagas. Kung may mapansing anumang pagtagas, ipunin ang tubig sa isang timba at ipaalam ito sa may-ari ng bahay.

---

Kung makakita ka ng pagtagas ng tubig sa mga dingding, ipaalam sa may-ari ng bahay.

Bantayan ang mga air conditioning filter at pakiusapan ang may-ari ng bahay na linisan ang mga ito kapag kinakailangan o magpatulong sa maintenance team.

---

Subaybayan ang pagpapanatili ng sistema ng irigasyon upang siguruhin ang pagiging efficient nito sa pagdidilig sa agrikultural na lugar nang walang tagas o aksaya. Kung may anumang sira, ipaalam sa may-ari ng bahay.

Dapat magsawa ng panahong pagsusuri sa mga pangunahing saraang balbula ng tubig tuwing ilang buwan.

---

Ipunin ang tubig-ulan sa isang lalagyan upang magamit sa sa pagdidilig ng mga halaman sa hinaharap.

## Pagpapalawak ng Kamalayan ng mga Susunod na Henerasyon

Eco runner

Estidama Craft

DoE EnergiX



## Mga importanteng okasyon

| Okasyon                                                                                                  | Petsa                                                  | Maikling paglalarawan                                                                                                                                                                                                       |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>Earth Hour</b><br> | Ipinagdiriwang taun-taon tuwing huling Sabado ng Marso | Hinihikayat ang mga indibidwal at institusyon sa buong mundo na patayin ang mga hindi kinakailangang mga ilaw ng isang oras, mula 8:30 PM hanggang 9:30 PM sa lokal na oras ng bawat bansa                                  |
| <b>Peak Hour</b><br>  | Ika-1 ng Hulyo                                         | Nangangailangan ang inisyatibo na ito na patayin ng mga residente ang mga hindi mahalagang mga de-kuryenteng appliance sa oras ng kasagsagan ng paggamit ng kuryente, mula 2:30pm hanggang 3:30pm, sa lokal na oras sa UAE. |

## Pasasalamat sa mga Kalahok

UNITED ARAB EMIRATES  
MINISTRY OF HUMAN RESOURCES  
& EMIRATISATION



الإمارات العربية المتحدة  
وزارة الموارد البشرية  
والتوظيف



دائرة الطاقة  
DEPARTMENT OF ENERGY



هيئة كهرباء ومياه دبي  
Dubai Electricity & Water Authority



حكومة الشارقة  
هيئة الكهرباء ومياه وغاز الشارقة  
Government of Sharjah  
Electricity, Water & Gas Authority

**Etihad**   
الاتحاد للماء والكهرباء



[www.ncc.moei.gov.ae](http://www.ncc.moei.gov.ae)

